


# Pandaigdigang Patakaran sa mga Karapatang Pantao

**Marso 2023**

**Sa Zoetis, ang layunin natin ay ang alagaan ang ating mundo at ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pagsulong sa pangangalaga ng mga hayop. Sa pagtupad ng layuning ito, ginagabayan tayo ng ating limang pangunahing paniniwala, kabilang ang laging paggawa ng tama. Ang pangunahing paniniwalang ito ang pundasyon ng ating matatag na paninindigan sa panlipunang responsibilidad. Para sa higit pang impormasyon sa ating mga pangunahing paniniwala at kung paano ang inaasahan natin na pagtuon ng ating mga kasamahan, opisyal at direktor sa mga nasabing paniniwala, tingnan ang ating Pamantayan ng Pag–uugali.**

Nasa paglalakbay tayo patungo sa isang mas magandang mundo para sa mga hayop, mga tao, at planeta na ginagabayan ng paniniwala na mahalaga ang mas malusog na mga hayop sa mas malusog na hinaharap. Upang malaman ang higit pa tungkol sa ating mga pagsusumikap sa pagpapanatili na naaayon sa ating tatlong haligi na Nasusumikap para Mangalaga, **Mga Komunidad, Mga Hayop, at Planeta**, tingnan ang seksyon na **Sustainability** ng ating website na kinabibilangan ng ating pinakakamakailang Ulat sa Pagpapanatili.

Bilang pandaigdigang pinuno sa industriya ng kalusugan ng hayop, naniniwala tayo na may pagkakataon tayo na positibong maapektuhan ang proteksyon ng mga karapatang pantao. Lubos tayong nakatuon sa paggalang sa mga karapatang pantao at sa dignidad ng lahat at pagsuporta sa mga pagsisikap na itaguyod at protektahan ang mga karapatang pantao. Hindi natin kukunsintihin ang pang-aabuso sa mga karapatang pantao sa ating mga operasyon o sa ating supply chain, at nakatuon tayo sa pagpapatupad sa mga patakaran at pamamaraan na idinisenyo upang matukoy at mabawasan ang panganib ng pang-aabuso sa mga karapatang pantao sa ating mga operasyon at supply chain.

Nalalapat ang patakarang ito sa Zoetis at sa lahat ng ating kasamahan sa buong mundo. Bukod dito, inaasahan sa lahat ng miyembro ng ating supply chain na patakbuhin ang kanilang negosyo sa isang responsable at etikal na paraan, na iginagalang ang mga karapatang pantao, gaya ng nakasaad sa ating **Mga Prinsipyo sa Pag-uugali ng Supplier** at **Pahayag ng Posisyon sa Pag-uugali ng Supplier**. Napapailalim din ang ating mga kasamahan sa mga karagdagang panloob na patakaran at pamamaraan na sumusuporta sa patakarang ito at sa pagpapatupad nito.

## Makabagong Pang–aalipin

Tumatakbo ang Zoetis batay sa patakarang hindi pagkunsinti kaugnay ng lahat ng anyo ng modernong pang-aalipin, kabilang ang sapilitang paggawa, pagtatrabaho ng bata, pang-aalipin, at pagbebenta ng tao. Inaatasan ng ating mga karaniwang kontrata ang mga supplier na sumunod sa lahat ng naaangkop na batas, kabilang ang mga batas sa modernong pang-aalipin. Para sa higit pang impormasyon sa ating paninindigan sa modernong pang-aalipin at sa mga hakbang na ginagawa upang mabawasan ang panganib ng modernong pang-aalipin sa ating mga operasyon at supply chain, tingnan ang ating **Pahayag sa Modernong Pang-aalipin**.

## Paggalang sa Lugar ng Trabaho

Patakaran natin na magbigay ng lugar ng trabaho na inklusibo at walang anumang takot sa panliligalig at diskriminasyon. Sa Zoetis, patas ang pakikitungo natin sa lahat ng kasamahan, kinikilala at pinahahalagahan ang mga pagkakaiba-iba, bukas ang komunikasyon, at isinusulong natin ang kultura ng pagbibigay-kapangyarihan at pagtutulungan. Nakatuon ang Zoetis sa kalayaan sa pagsasamahan at sa epektibong pagkilala sa karapatan sa sama-samang pakikipagkasundo.

Nakatuon ang Zoetis sa pantay na mga pagkakataon sa trabaho at ipinagbabawal ang diskriminasyon at panliligalig batay sa lahi, kulay, etnisidad, paniniwala, ninuno, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal, edad, pagkakakilanlang kasarian o pagpapahayag ng kasarian, bansang pinagmulan, katayuan sa pag-aasawa, pagbubuntis, panganganak o kaugnay na kundisyong medikal, impormasyon ng genes, serbisyong militar, kundisyong medikal (ayon sa tinukoy ng estado o lokal na batas), ang pagkakaroon o pang-unawa sa isang kapansanan sa pag-iisip o pisikal, katayuan bilang beterano o iba pang mga katangiang protektado ng mga naaangkop na batas. Ipinagbabawal ng Zoetis ang mga pagkilos na nagbabanta, gayundin ang anumang anyo ng sekswal na panliligalig at pambu-bully. Sumusunod tayo sa lahat ng naaangkop na kinakailangan sa trabaho, paggawa, at imigrasyon.

## Kalusugan at Kaligtasan

Sa Zoetis, binabantayan natin ang isa't isa upang matiyak na ligtas ang ating mga kasamahan, kontratista, at bisita, dahil priyoridad natin palagi ang kaligtasan. Naniniwala tayo na may karapatan at responsibilidad ang lahat ng tao na ihinto ang anumang trabahong sa tingin nila ay maaaring hindi ligtas. Hindi kinukunsinti ng Zoetis ang anumang uri ng karahasan, kabilang ang pagbabanta o pananakot sa iba, pisikal man o pasalita, mga gawaing paninira, panununog, o iba pang kriminal na aktibidad. Para sa karagdagang impormasyon sa ating posisyon sa kalusugan at kaligtasan, tingnan ang seksyong Kalusugan at Kaligtasan (matatagpuan sa pahina 13) ng ating **Pamantayan ng Pag-uugali**.

## Karapatan sa Pagkapribado

Sa Zoetis, iginagalang natin ang pagkapribado ng ating mga kasamahan pati na rin ang iba kung kanino tayo nakikipagnegosyo. Ang paggalang sa pagkapribado ng mga indibidwal na ipinagkatiwala sa atin ang kanilang personal na datos ang pinakamahalaga para sa Zoetis. Idinisenyo ang ating mga patakaran upang matiyak na kinokolekta, ginagamit, at ibinahagi ang personal na impormasyon nang responsable at alinsunod sa mga naaangkop na batas. Para sa karagdagang impormasyon sa ating posisyon sa pagkapribado, tingnan ang seksyong Pagprotekta sa Pribadong Impormasyon (matatagpuan sa pahina 14) ng ating **Pamantayan ng Pag-uugali**.

## Pangangalaga at Kapakanan ng Hayop / Responsableng Paggamit ng mga Antibiotic

Nakatuon tayo sa pagtulong sa mga hayop na mabuhay nang mas mahaba, mas malulusog na buhay sa pamamagitan ng pagtuklas at pagpapaunlad sa mga bagong gamot at terapiya. Ang pananaliksik na nakabatay sa hayop sa industriya ng parmasyutiko ay nananatiling mahalagang bahagi ng mga proseso ng pagtuklas, pagsusuri, at pangangasiwa, na humahantong sa pagkabuo ng mga produkto na nakaliligtas o nagpapabuti sa buhay ng mga hayop sa buong mundo. Ganap na nakatuon tayo sa pagbuo at paggamit ng mga alternatibong pamamaraan ng pagsubok na napatunayan na ng siyensya na katanggap-tanggap sa mga awtoridad sa regulasyon para sa pagbawas sa paggamit ng hayop sa hinaharap, at hindi ikinokompromiso ang kaligtasan ng pasyente o ang bisa ng ating mga gamot.

Sinusuportahan natin ang responsableng paggamit ng mga antibiotic na gamot sa mga hayop at tao. Sa kaunting mga alternatibo ngayon para sa paggamot sa mga impeksyong dulot ng bakterya na nagbabanta sa buhay ng mga hayop, mahalaga ang mga antibiotic sa kalusugan ng hayop at, gayundin, sa kanilang kapakanan. Bilang bahagi ng ating pangako sa responsableng paggamit ng mga antibiotic sa mga hayop, hindi tayo nagbebenta ng mga medikal na mahalagang antibiotic (ayon sa pagkaka-uri ng US Food & Drug Administration) para sa pagsulong ng paglaki sa mga hayop saanman sa mundo.

Para sa karagdagang impormasyon sa ating posisyon sa pangangalaga at kapakanan ng hayop at sa responsableng paggamit ng mga antibiotic, tingnan ang ating **Patakaran sa Pangangalaga at Kapakanan ng Hayop** at **Posisyon sa Responsableng Paggamit ng mga Antibiotic sa mga Hayop**.

## Pamamahala

Ang Pandaigdigang Patakaran sa mga Karapatang Pantao na ito ay binuo ng ating Pangkat sa Pamamahala ng Korporasyon nang may komento mula sa grupo ng mga kasamahan na may iba't ibang tungkulin, kabilang ang Pagsunod, Legal, Pagpapanatili, Mga Komunikasyon at Mga Ugnayang Pangkorporasyon at may buong suporta ng ating buong pangkat ng ehekutibo. Ang ating Pangkat sa Pagsunod ay responsable sa pagbibigay ng pangangasiwa sa mga karapatang pantao, kabilang ang pagsunod sa patakarang ito, ang ating Konseho sa Pag-uulat sa Pagpapanatili at Nangangasiwa ng Pagsisiwalat ay responsable para sa pagbibigay ng estratehikong payo para sa mga karapatang pantao at sa patakarang ito at ang ating Komite ng Pamamahala ng Korporasyon at Pagpapanatili ay nagbibigay ng pangangasiwa sa antas ng Lupon para sa mga karapatang pantao. Nakatuon ang Zoetis na regular na suriin ang patakarang ito upang matiyak na natutugunan nito ang mga umiiral na pangangailangan ng ating mga kasamahan, customer, at stakeholder sa buong mundo.

## Pag–uulat

Ang Zoetis ay may Patakarang Bukas na Pakikipag-ugnayan upang makatulong na masiguro na naihahayag ang mga tanong at alalahanin upang angkop na matugunan ang mga ito. Hindi natin kinukunsinti ang anumang uri ng paghihiganti laban sa mga kasamahan na nagpapahayag ng mga alalahanin sa mabuting hangarin tungkol sa mga aktwal o potensyal na pang-aabuso. Maaari mong iulat ang anumang hinala o ebidensya ng mga pang-aabuso sa mga karapatang pantao sa supply chain ng mga operasyon ng Zoetis sa Legal na function, **legal@zoetis.com** o sa 973-822-7000 o sa pamamagitan ng ating linya ng tulong sa pagsunod sa **compliance@zoetis.com** o sa 1-855-322-9944. Maaari ka ring mag-ulat ng alalahanin nang hindi nagpapakilala sa pamamagitan ng Linya ng Tulong sa Pagsunod ng Zoetis. Ang Linya ng Tulong sa Pagsunod ay maaaring maabot sa pamamagitan ng telepono, o online sa pamamagitan ng web-reporting tool, at magagamit 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon; at iniaalok sa 70 wika. Ang Linya ng Tulong sa Pagsunod ay pinamamahalaan ng espesyal na sinanay na mga kinatawan ng ikatlong partido.

- Numero ng Linya ng Tulong sa Pagsunod* (U.S. at Canada): 1.855.322.9944
  ** Para sa mga numero ng Linya ng Tulong sa Pagsunod sa labas ng U.S. at Canada,* **pindutin dito***.*
- Web–Reporting Tool ng Linya ng Tulong sa Pagsunode: **http://zoetis.ethicspoint.com**